

~ Alamin nating mabuti ang Japan ~

Nag-iba na ang title! – Mula sa “Kaibigan ng mga teknikal intern trainee” ito ay magiging 「とも」

Sa salitang Hapon, ang 「とも」 ay maraming kahulugan o ibig sabihin. Ito ay may kahulugan na, mag-aral kasama ang mga dayuhan 「gaikokujin no mina san toとも ni manabu」, magkakasamang magtrabaho 「とも ni hataraku」, magkakasamang mag-saya, 「とも ni tanoshimu」, magkasamang mabuhay 「とも ni ikiru」 at ang ibig sabihin din nito ay kaibigan 「ともだち」. Patuloy kaming magbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa paninirahan sa Japan at mga tip para sa pag-aaral ng Japanese sa inyong sariling wika. Mangyaring basahin po ninyo.

Isyu sa Hulyo 2023

Mga Paksa

Alamin natin ang mga patakaran ng Japan sa pamamagitan ng Man-ga -Mag-ingat sa mga krimen sa internet-

◇Alam mo ba ang Japanese learning app?

◇Mainit at mahalumigmig na tag-araw sa Japan - Mga pag-iingat at kung paano ito i-enjoy – Kokugo no mori 「上」 at 「下」

ALAMIN NATIN ANG KALOOBAN NG MGA HAPON SA PAMAMAGITAN NG MAN-GA

— Mag-ingat sa mga krimen sa internet —



Ang mga teknikal intern trainee ay ipinagbabawal ng batas na mag-trabaho o mag-arubaito ng iba maliban sa technical intern training. Bawal mag-trabaho na labas sa trabaho ng nagpapatupad ng pagsasanay. Sa nakalipas na mga taon, maraming kaso ng mga organisasyong kriminal na nag-uudyok sa mga teknikal intern trainee na gumawa ng iba't ibang krimen gamit ang Internet at SNS. Mukha lang siyang isang part-time na trabaho na may magandang kondisyon gaya ng madaling trabaho at malaki ang bayad, ngunit ito ay isang krimen. Mangyaring mag-ingat na huwag mapasama sa mga ganitong krimen.

Alam mo ba ang Japanese learning app?

Kung pagbutuhin mo ang iyong Japanese, maaaring mas maging masaya ang pakikipag-usap sa mga tao sa paligid mo. Mahirap mag-aral habang nagtatrabaho, ngunit may mga libreng app sa pag-aaral na nagbibigay-daan sa iyo na mag-aral ng Japanese sa sarili mong phase, kahit na ito ay panandalian lamang. Bakit hindi mo subukan ito?

💡 Ang communication charges ay sagot ng user. I-check muna ang komunikasyon sa kapaligiran bago gamitin ito

● 「^{にほんごおんらいんコース}いろどり日本語オンラインコース」 JAPAN FOUNDATION

Ito ay isang materyal sa pag-aaral sa sarili para sa pagkuha ng mga pangunahing skills sa komunikasyon na kinakailangan para sa pamumuhay at pagtatrabaho sa Japan. Ito ay nahahati sa "Introductory," "Beginner 1," at "Beginner 2," at ipinaliliwanag sa sampung wika.

Maaari kang magpraktis ng pagsasalita sa pamamagitan ng pakikinig sa audio, at magsanay ng grammar at kanji na parang naglalaro ka. I-download ang app at maaari mo itong gamitin offline.

<https://www.irodori-online.jp/go.jp/>



Pinagmulan : JAPAN FOUNDATION

● 「げんばのにほんご」 Organization for Technical Intern Training (OTIT)

Ito ay isang materyal sa pagtuturo na nagbibigay-daan sa iyo na pag-aralan ang mga salitang ginagamit sa mga trabahong may kaugnayan sa makinarya at metal, mga trabahong nauugnay sa paggawa ng pagkain, mga trabahong nauugnay sa konstruksiyon, at mga trabahong nauugnay sa agrikultura. Ipinangaliliwanag ito sa walong wika. Magsanay tayo sa pagsasalita sa pamamagitan ng pakikinig sa "Gemba no Kaiwa" at "Gemba no Kotoba". Mayroon ding mga pagsusulit sa bokabularyo at pag-uusap.

Ang app ay maaaring i-download sa App Store o sa Google Play.

<https://www.otit.go.jp/kyozai/>




Pinagmulan : OTIT

Bilang karagdagan dito, ipakikilala namin ang mga site na naghahatid ng mga balitang Hapon sa simple Japanese.

● NEWS WEB EASY ^{にほんご}やさしい日本語^かで書いた^にニュース^{にゅーす}

Magagamit mo rin ito sa pag-aaral ng Japanese dahil maaari kang makinig sa audio at may lalabas na diksyunaryo para sa mahihirap na salita. Kung mayroon kang mahalagang impormasyon, ipaalam sa mga taong nakapaligid sa iyo at sa iba pang mga teknikal intern trainee.

<https://www3.nhk.or.jp/news/easy/>



Pinagmulan : NHK WORLD JAPAN

Gumamit ng mga convenient na app at site para magsaya habang nag-aaral.

Nagbebenta ang JITCO ng iba't ibang "materyales sa pagtuturo para sa pag-aaral ng wikang Hapon." Mayroon ding mga textbook na maaari mong matutunan ang tungkol sa mga pag-uusap na karaniwang ginagamit sa field ng technical intern training. Mayroon ding mga CD at DVD. Siguraduhing tingnan ang site ng "JITCO Teaching Materials Online Shop".

<https://onlineshop.jitco.or.jp/>



Mainit at mahalumigmig na tag-araw sa Japan - Mga pag-iingat at kung paano ito i-enjoy -



Kapag natapos na ang tag-ulan, magiging ganap na tag-araw na. Ang tag-araw sa Japan ay mataas sng humidity at mahalumigmig, kaya mas mainit ang pakiramdam ng katawan kaysa sa mga tropikal na lugar. Ang sanhi ng init na ito ay ang Ogasawara high pressure na nagmumula sa timog-silangan ng Japan. Ang mataas na pressure na ito ay nagdudulot ng mainit, mamasa-masang hangin, na nagiging sanhi ng patuloy na pagtaas ng temperatura at halumigmig. Kamakailan lamang, dumarami ang bilang ng "mga araw sa kalagitnaan ng tag-araw" kung saan ang pinakamataas na temperatura ay 30°C o mas mataas, "mainit na mga araw" kung saan ang pinakamataas na temperatura ay 35°C o mas mataas, at "mga tropikal na gabi" kung saan ang temperatura ay 25°C o mas mataas kahit sa gabi. Sa pamamagitan ng pananatili sa isang mainit at

mahalumigmig na kapaligiran sa loob ng mahabang panahon, ang balanse ng tubig at asin sa katawan ay unti-unting bumabagsak, na ginagawang imposible na maayos na makontrol ang temperatura ng katawan, at ito ay tinatawag na "heatstroke". Ito ay maaaring mangyari sa loob ng bahay gayundin sa labas, at maaaring mangyari sa hapon o sa gabi. Sa mga malalang kaso, maaari kang dalhin sa ospital sa pamamagitan ng ambulansya o maaari mo rin itong ikamatay. Gumawa ng mga hakbang tulad ng pagsasaayos ng temperatura ng silid gamit ang isang bentilador o air conditioner at uminom ng tubig bago ka pa man makaramdam ng uhaw.

Marahil ay maraming mga trainee na sa unang pagkakataon ay makakaranas ng tag-araw sa Japan. Kung paguusapan ang summer fun sa Japan, mayroon silang summer festival, fireworks, at iba pa. Isa sa mga kasiyahan sa tag-araw sa Japan. Ay ang pagsusuo ng yukata, na isang uri ng kimono. Nitong mga nakaraan, maraming mga tindahan kung saan maaari kang magrenta ng yukata at bibihisan ka nila nang maayos. Napakaganda ng skyrocket ng liwanag at tunog ng fireworks sa midsummer night sky, na mararamdaman mo talaga ang "summer in Japan".

Ang tag-araw sa Japan ay mahaba at mainit, ngunit habang nag-e-enjoy sa mga kaganapan sa mga gabi ng tag-araw, huwag hayaang palamigin masyado ng air conditioner ang iyong katawan, kumain ng sapat na nutrisyon, at manatiling malusog upang maiwasan ang "summer fatigue o pagkapagod sa tag-araw." .

Kokugo no mori

Ito ay isang materyal sa pagtuturo para sa pag-aaral at kung paano gamitin ang mga salitang Hapon at kanji. Magsaya habang nag-iisip ng mga sagot. (nasa sumusunod na pahina ang mga sagot)

Teknikal intern trainee - Larawan ng buwang ito



Mga teknikal intern trainee mula sa Vietnam na lumahok sa "Tanabata Picture Festival" na ginanap sa unang pagkakataon sa loob ng tatlong taon sa Yuzawa City, Akita Prefecture. Ginugol nila ang isang kasiya-siyang araw upang maranasan ang lokal na pagdiriwang at mga tradisyonal na kaganapan sa unang pagkakataon.

※Nai-post noong Setyembre 2022
(すばる事業協同組合)

Pumili kami ng isang larawan mula sa "Technical Intern Training Days" na nai-post sa website ng JITCO ng mga organisasyon na tumatanggap ng mga trainee. Tingnan dito ang pahina ng "Technical Intern Training Days" at mga kinakailangan sa aplikasyon.

(<https://www.jitco.or.jp/ja/days/>)



Gabay sa mga consultation counter

Kapag namroblema...? (<https://www.otit.go.jp/notebook/>)

Sa OTIT (Organisasyon para sa Teknikal Intern Training) , maaari mong gamitin ang consultation counter sa iyong katutubong wika kapag ikaw ay may problema. Gayundin ang lokal na consultation counter at impormasyon sa pag-iwas sa kalamidad, at mga convenient app tulad ng "Mga salitang Hapon sa site" at "Technical Intern Training Handbook".



「上」「下」は位置や程度を表しますが、送りがなをつけた動詞になると、実に幅広い意味をもつ言葉になります。「下さい」は「くれ」のていねいな言い方です。問題には取り上げませんでしたが、「(召し)あがる」は「食べる」、「(そちらに)上がる」は「行く・たずねる」の尊敬語です。



Ang "itaas" 「上」 at "ibaba" 「下」 ay nagpapahayag ng posisyon at antas, ngunit kapag ang mga pandiwa na may okurigana ay idinagdag, mayroon silang malawak na hanay ng mga kahulugan. Ang "kudasai" 「下さい」 ay isang magalang na paraan ng pagsasabi ng "kure" 「くれ」. Hindi kasama sa mga tanong, ngunit ang "kumain" 「(召し)あがる」, at ang "aakyat dyan" na "pupunta o bibisita" 「(そちらに)上がる」は「行く・たずねる」 ay isang honorific form ng salita.

とも

2023年7月 夏季号

2023年7月1日発行

発行

公益財団法人 国際人材協力機構 (JITCO)

総務部広報室

〒108-0023

東京都港区芝浦2-11-5

五十嵐ビルディング

03-4306-1166 (ダイヤルイン)

<https://www.jitco.or.jp/>

電話

JITCO ホームページ